Republic of the Philippines
Department of Education
Schools Division of Isabela
San Mateo South District

**SAN MARCOS ELEMENTARY SCHOOL**

San Mateo

## TABLE OF SPECIFICATION IN FILIPINO 3
## FOURTH QUARTER

| Objectives | No. of Days | No. of Items | CODE | Level of Understanding | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Know-ledge | Process/ Skills | Under-st andig | Product | Locator |
| 1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang usapan | 8 | 5 | F3PN-IVa 3.1.3 | 4 | | | 1 | 1,2,15, 22,23 |
| 2. Nagagamit ang angkop na pagtatanong tungkol sa tao, bagay, lugar, at pangyayari | 4 | 3 | F3WG-IVa b-6 | 1 | 1 | 1 | | 3,9,17 |
| 3. Nagagamit ang mga salitang kilos sa pag-uusap tungkol sa iba't ibang gawain sa tahanan, paaralan, at pamayanan | 3 | 2 | F3WG-IVe-f-5 | 1 | 1 | | | 4,10 |
| 4. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa. | 5 | 4 | F3PB-IVa-3 .2 | 2 | 2 | | | 5,612,13 |
| 5. Napagsasama-sama ang mga tunog upang makabuo ng bagong salitang may diptonggo | 2 | 1 | F3KP-IVi-11 | 1 | | | | 7 |
| 6. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari ng kuwentong napakinggan | 2 | 1 | F3PN-IVe-8 | | 1 | | | 8 |
| 7. Napapalitan at nadaragdagan ang mga tunog upang makabuo ng bagong salita | 2 | 1 | F3KP-IVb-f-6 | | 1 | | | 11 |
| 8. Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian batay sa pangangailangan | 4 | 3 | F3PT-IIIg-1. 4/1.5 | | 1 | 2 | | 14, 28,29 |
| 9. Nakasususlat ng isang talata | 2 | 1 | F3PU-IVa-e -1.5 | | | | 1 | 27 |
| 10. Nakasusunod sa panutong may tatlo hanggang apat na hakbang | 2 | 1 | F3PB-IVb-2 | | | 1 | | 16 |
| 11. Nagagmit nang wasto ang pang-abay | 2 | 1 | F3WG-IVg-h-6 | | | 1 | | 18 |
| 12. Nagagamit ng mga pahiwatig upang malaman ang kahulugan ng isang salita | 3 | 2 | F3PT-IIIg-1. 4/1.5 | 2 | | | | 19-20 |
| 13. Naikukumpara ang mga teksto sa pamamagitan ng pagtatala ng pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ito | 2 | 1 | F3AL-IVg-j-14 | | | 1 | | 21 |
| 14. Nababaybay ng wasto ang mga natutunan sa aralin | 2 | 1 | F3PY-IVb-h -2 | | | 1 | | 24 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 15. Nagagamit ang wastong bantas , malaki at maliit na letra sa pagsulat | 3 | 2 | F3PU-IVd-f-4 | | | 2 | | 25,26 |
| 16. Naibibigay ang paksa ng kwento o tekstong napakinggan | 2 | 1 | F3PN-IVd-7 | | | | 1 | 30 |
| **KABUUAN** | 48 | 30 | | 11 | 7 | 9 | 3 | |

Prepared by:

**ROSALINDA A. VERTUDAZO**
Grade 3 - Adviser

Noted:

**HENER Q. FERNANDEZ**
Teacher In-Charge

Republic of the Philippines
Department of Education
Schools Division of Isabela
San Mateo South District
**SAN MARCOS ELEMENTARY SCHOOL**
San Mateo

**IKAAPAT NA KUARTER NA PAGSUSULIT SA FILIPINO 3**

Panuto:Basahin ang usapan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa puwang bago ang bilang.

**Tamang Gawi sa Pagtatanong at Pakikipag-usap**

Tunghayan ang pakikipag-usap ng mga mag-aaral sa kanilang guro.

Cha at Che : Magandang umaga po, Gng, Jessica Lavarez. May sadya po kmi sa inyo.
Gng Alvarez : Magandang umaga naman. Maupo kayo.
Theo : Ma'am, bago po lamang kami sa paaralang ito. Ibig po naming malaman kung saan po ang daan papuntang silid-aklatan.
Sid : Ibig po naming manghiram ng mga aklat upang magbasa.
Gng Alvarez : Ganoon ba? Magandang hakbang ang inyong gagawin sa pagpunta sa silid-aklatan. Makakatulong ito sa inyong pag-aaral at makapagpapaunlad sa pagbasa ng mabilis. Ang silid-aklatan ay katapat ng silid ng ikatlong baitang.

_____1. Ano ang dahilan ng pagpunta ng mga mag-aaral kay Gng. Jessica Lavarez?
a. magtatanong kung saan ang papuntang silid-aklatan
b. manghihiram ng aklat c. bibili ng pagkain

_____2. Sino ang nagsabi ng "Ibig po naming manghiram ng mga aklat upang magbasa."
a. Cha b. Che c. Theo d. Sid

_____3. “Saan po ang papuntang silid-aklatan?” Anong panghalip pananong ang ginamit?
a. po b. papunta c. saan d. silid-aklatan

_____4. “Ibig po naming manghiram ng aklat.” Anong salitang kilos ang ginamit sa pangungusap?
a. aklat b. ibig c. naming d. manghiram

Basahin ang talata upang masagot ang mga tanong tugkol dito.

**Mahalaga ang Pagkain ng Tama**

*Modesta R. Jaurigue*

Ang pagkain ng gulay, karne, isda, itlog, prutas, kanin, tinapay at iba pa at ang pag-inom ng gatas ay nagpapalakas ng katawan at nakapagbibigay ng resistansiya upang tuluyang makaiwas sa anumang karamdaman at tumutulong sa paglaki.

Upang maging masigla, malakas at puno ng enerhiya sa buong maghapon, kinakailangang kumain ng tatlong beses sa isang araw: agahan, tanghalian, at hapunan.

Mahalaga ang pagkain ng tama sapagkat nagiging malusog ang katawan.

_____5. Anong pagkain ang makapagpapatibay ng resistensya?
a. french fries b. gulay c. sitsiria d. popcorn

_____6. Ano ang dapat gawin upang lumusog ang katawan?
a. kumain ng tamang pagkain b. kumain ng maling pagkain c. maglaro maghapon d. magbasa ng aralin

_____7. Anong salita ang mabubuo kapag pinalitan ang hulihang pantig ng salitang lumakas?
a. lumabas b. lumayo c. malakas d. malaya

_____8. Piliin ang pagkakasunod-sunod ayon sa pangyayari sa talata.
a. 4, 3, 2, 1 b. 1, 2, 3, 4 c. 2, 1, 3, 4 d. 3, 1, 4, 2

| |
|---|
| 1. Upang maging masigla, malakas at puno ng enerhiya sa buong maghapon |
| 2. Mahalaga ang pagkain ng tama sapagkat nagiging malusog ang katawan. |
| 3. Ang pagkain ng gulay, karne, isda, itlog, prutas, kanin, tinapay at iba pa at ang pag-inom ng gatas ay nagpapalakas ng katawan at nakapagpapatibay ng resistensiya upang tuluyang makaiwas sa anumang karamdaman at tumutulong sa paglaki |
| 4. Kinakailangang kumain ng tatlong beses sa isang araw: agahan, tanghalian at hapunan |

_____

_____1

a. Magiging alisto sa klase
b. Hindi mahuhuli sa klase
c. Matatapos nang maaga ang mga gawain.

**Si Tom**
*Modesta R. Jaurigue*

Kring…! "Yehey! Labasan na!" sigaw ng mga mag-aaral ng ikatlong Baitang. Lahat ay nagmamadaling nagligpit ng mga gamit. Nakita ni Tom na itinapon ng mga kaklase ang mga papel sa basurahan. "Bakit itinapon niyo ang mga papel na wala pang sulat? Sayang naman," ang sabi ni Tom. "Bibili na lang kami bukas at saka yukos na ang mga yan." Ang sagot ni Cloe. Kinuha ni Tom ang mga papel na itinapon ng mga kaklase at inilagay sa envelop. Nagtasa ng kanyang lapis at inilagay sa lagayan ng mga lapis. Nang makitang maayos na ang kanyang mga gamit, saka tumayo at inihanda ang sarili na umalis.

____11. "Itinapon ang mga papel sa basurahan." Anong salitang kilos ang ginamit sa pangungusap?
a. basurahan b. itinapon c. mga d. papel

____12. Anong saliata nag mbaubuo kapag pinalitan ang hulihang pantig ng salitang "nagamit"?
a. naayos b. nagalit c. natuwa d. nawala

____13. Saan inilgay ni Tom ang mga ang mga papel na kinuha sa basurahan?
a. sa basurahan b. sa envelope c. sa ilalim ng bangko d. sa bag

____14. Ano ang ginawa ni Tom nang marinig ang tunog ng bell?
a. Inayos ang gamit b. nakipag-usapsa kaklase c. tumakbo d. tumayo

____15. Ano ang sinabi ni Tom sa kaklase na nagtapon ng papel sa basurahan?
a. bakit ninyo itinapon ang mga papel na wala pang sulat sayang naman.
b. bakit mali ang itinapon ninyo sa basurahan?
c. bakit hindi ninyo itinabi ang mga di-nagamit na papel.
d. bakit kayo tumakbo agad?

____16. Alin sa sumusunod ang HINDI dapat gawin sa pagtitipid ng sulatang papel?
a. Itabi ang suatang papel na hindi pa nagagamit o nasusulatan.
b. Itapon ang gusto na papel.
c. Maglagay ng karton sa ilalim ng papel upang hindi bumakat ang kasunod na susulatan.
d. Burahin ang namaling sulat sa papel at ipagpatuloy ang pagsusulat.

____17. Saan nangyari ang kwento?
a. hardin b. klinika c. palaruan d. silid-aralan

____18. Ang mga mag-aaral sa ikatlong baitang ay_______ng mga gamit.
Punan ng wastong pang-abay na may kilos upang mabuo ang pangungusap.
a. nagmamadaling nagligpit.
c. itinapon ang papel.
b. umalis ng maingay.
d. inayos ng mabuti.

____19. Kring…"labasan na"; sigaw ng mga mag-aaral sa ikatlong baitang. Anong salita ang maaring ipalit sa salitang <u>labasan na</u> ?
a. pasukan na. b. uwian na. c. rises na. d. maglalaro na.

____20. "Bibili na lang kami ng papel bukas at saka **<u>gusot</u>** na ang mga yan." Ano ang kahulugan ng

salitang may salungguhit?

a. ayos b. punit c. puti d. sira

_____21. "Bibili na lang kami bukas at saka yukos na ang mga iyan," ang sagot ni Cloe. Inayos ni Tom ang mga aklat at inilagay sa envelope ang sulatang papel na di-nagamit. Ano ang pagkakaibang gawi ni Cloe at ni Tom sa pagliligpit ng sulatang papel?

a. Si Tom ay matipid samantalang si Cloe ay hindi matipid sa sulatang papel.

b. Si Tom ay hindi matipid samantalang si Cloe ay matipid sa sulatang papel.

c. Si Cloe at si Tom ay matipid sa sulatang papel.

d. Si Cloe at si Tom ay parehong hindi matipid sa sulatang papel.

**Si Puti**

*Modesta R. Jaurigue*

Ako ay may alagang aso, Puti ang tawag ko sa kaniya. May apat na anak. Kulot na kulot at putting-puti angbalahibo niya. Masarap siyang kalaro. Tinuturuan ko siya ng iba't ibang tricks tulad ng pag-upo, paglundag, at pagkuha ng tsinelas.

Nakatutuwa ang aking alagang aso

_____22. Ano ang alaga na nabanggit sa talata?

a. agila b. aso c. kambing d. pusa

_____23. Ilan ang anak ni puti?

a. isa b. tatlo c. apat d. wala

_____24. "Ako ay may alagang aso, Puti ang tawag ko." Ang kahulugan ng salitang may salungguhit ay ___.

a. kulay asul b. kulay berde c. kulay bulak d. kulay itim.

_____25. **Nakakatuwa ang aking alagang aso!** Anong bantas ang ginamit sa katapusan ng pangungusap?

a. kuwit b. padamdam c. pananong d. tuldok

_____26. Tinuturuan ko siya ng iba't ibang tricks tulad ng pag-upo, paglundag at pagkuha ng tsinelas. Anong salitang hiram ang ginamit sa pangungusap?

a. pag-upo b. tricks c. tinuruan d. tulad

_____27-28. Sumulat ng talata na kahalintulad ng paksa ng kwentong "Si Puti."

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
____________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
____________________________________________________________

___29. Alin sa mga sumusunod ang HINDI gamit ng sangguniang aklat?

a. Paghanap ng mabibili. c. Paghanap sa araling pinag-aralan.

b. Paghanap sa kahulugan ng salita. d. Paghanap sa mga takdang-aralin.

_____30. Nais ni Rosheen malaman kung saan siya makakakuha ng iba pang sanggunian maliban sa aklat na kanyang ginagamit, sa iyong palagay saan siya makakkita?

a. diksyunaryo b. indeks c. pabalat d. talaan ng nilalaman

Prepared by:

**ROSALINDA A. VERTUDAZO**
Grade III Adviser

Noted:

**HENER Q. FERNANDEZ**
Teacher In-Charge

File Submitted by DepEd Club Member – depedclub.com